**Pamagat**: Tinimbang at Nasumpungang Kulang

**Texto**: Daniel 5:27 "TEKEL; Thou art weighed in the balances, and art found wanting."

*Pagsasalin*: TEKEL; ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang.

**Panimula**:

1. Ito ay isang salaysay patungkol sa paghatol ng dakilang hari ng Babylon. Ang Babylon sa kapanahunan ni Belshazzar ay napakalakas at ligtas. Mayroon silang Hanging Gardens, daanan ng mga tubig, at ang ding ding ng lungsod nila at 967 kilometers na mataas. Maaring mag chariot race (karera ng dalawang karwahe) sa itaas nitong ding ding.
2. Dito sila ay nag-paparty. Maraming alak ang iniinom, masigla ang kasiyahan. Sumasayaw ang mga kalahating hubad na mga kababaihan, at ang musika ay sobrang maingay, sigurado ang mga kasiyahan ang ganap na nagiging malaswa at halos hindi mapigilan. Ginamit nila sa kanilang pag-paparty ang mga bagay o gamit ng Panginoon sa templo ng Dios para sa kanilang kalaswaan.
3. Pero dumating ang isang hindi pangkaraniwang daliri na galing sa Dios: (v.5) – at tumigil ang pagpaparty ng mga lasing. Ang mensahe kay Belshazzar ang bibigyan nating pansin ngayon.

I. **Si Belshazzar ay Humarap sa Hatol ng Dios**:
   1. Siguradong may panahon si Belshazzar para sa kanyang mga tauhan at mga governor at mga lider ng iba't ibang dako. Pero wala siyang panahon para sa Dios.
   2. Siguradong may panahon siya para sa mga pambababae niya, at paglalasing, at pagpaparty, pero wala siyang panahon para sa tunay na pagsamba sa isang Banal na Dios.
   3. Kung makausap natin si Belshazzar bago niya na kita ang daliri na galing sa Dios, maari na tawanan tayo at papatayin niya tayo. Ganito makapangyarihan ang hari ng Babylon.
   4. Pero sigurado rin, na ang lahat ng tao (ikaw at ako) ay magkakaroon ng panahon para sa hatol ng Dios, sa hukay, sa kamatayan at libing, at ang pag-harap sa hatol ng Dios. (Hebrews 9:27 - *At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom*;).
   5. Ang hatol ng Dios ay hindi opinion ng tao, o nang sinumang mangangaral ng Salita ng Dios. Balang araw, haharap tayong lahat sa ating Manlilikha.
   6. Si Belshazzar ay binigyan ng ganitong hatol – (v.27 - *TEKEL; ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang*.) – Isispin mo, ang pinakamakapangyarihan at pinakamayaman na tao sa buong mundo ay nasumpungang kulang!

II. **Ang Mga Pagkakasala na Karaniwan sa ating Kapanahunan**:
   1. Ang Pagiging Maibigin sa Sarili at Kalayawan (2 Timothy 3:1-4 – [v.1 & v.4]).
      A. Pwede kang maging "makamundo" pero kung ikaw ay Christiano at iniibig mo ang mga bagay ng mundong ito, hindi ka gagamitin ng Dios, at malamang hindi ka gagamitin ng Dios sapagkat hindi ka talaga ligtas.
      B. Ang diyos-diyosan ng bayan natin ay Kalayawan. Beer at alak, kabaklaan.
      C. Maraming mga relihiyosong tao ang umukit ng sarili nilang diyos-diyosan at binabali wala nila ang salita ng Dios. Sinasabi nila na sila ay Christiano pero hindi tumutugma ito sa salita ng Dios.
   2. Ang Pagkakaroon ng Anyo ng Kabanalan pero Walang Tunay na Kapangyarihan ng Kabanalan (2 Timothy 3:5; v.7).
      A. Ang daming mga tao na nagsasabing sila ay Christiano pero hindi nila nauunawaan ang pagiging "*born again*."
      B. Kung susuriin mo ang kanilang buhay – wala kang makikitang pagkakaiba sa mga hindi ligtas. Pero ang kaligtasan na galing sa Dios ay mayroong pagkakaiba sa bulok na mundong ito.
      C. Ito ang problema ng mga tao ngayon: hindi nila kilala ang Christo ng Biblia at hindi nila alam ang paraan ng kaligtasan. (e.g. mayroon ba talagang impyerno? Matt. 13:41-42). nila.
      D. Laging nagsisipagaral pero hindi nakakarating sa pagkaalam ng katotohanan.

**Katapusan**: Kaibigan pagdating ng oras na ikaw ay humarap sa Dios, ano kaya ang masasabi mo? Nawa maunawaan mo na ang tanging gawa na nakakapagbigay lugod sa Dios ay ang gawa at sakripisyo ng Panginoong Jesus (Matthew 26:28; Ephesians 1:7; 1 Peter 1:18-19). Tanggapin Siya at hindi ka Titimbangan at masusumpungang kulang dahil kay Jesus. AMEN!